**Filipino/Tagalog translation**

# Pagbili at pagpapadala ng salaping banyaga

Maraming mga supplier ng mga serbisyo ng banyagang pera, hindi lamang ang mga bangko. Inirerekomenda namin na ikumpara mo ang iba't ibang mga supplier at humandang lumipat sa iba upang makuha ang pinakamabuting presyo.


- Shop around (Maghanap -hanap bago bumili)
- Sending money overseas (Pagpapadala ng pera sa ibang bansa)
- Travelling overseas (Paglalakbay sa ibang bansa)
- Debit and credit cards (Mga debit at credit card)
- Travel money cards (Mga card ng pera sa paglalakbay)
- Foreign cash (Banyagang salapi)
- Shopping online (Pamimili sa online)
- If it's not right, use your rights (Kung hindi tama, gamitin ang iyong mga karapatan)
- More information (Karagdagang impormasyon)


## Maghanap-hanap bago bumili

Ang paggamit ng supplier dahil sa katapatan ay maaaring magdulot sa iyo ng gastos. Napag-alaman ng aming foreign currency conversion services inquiry (pagsisiyasat sa mga serbisyo sa palitan ng pananalaping banyaga) na ang apat na malalaking bangko ay palaging mas mahal kaysa sa iba pang mga supplier ng foreign cash at international money transfers (IMTs) (mga internasyonal na paglipat ng pera). Para sa mga karaniwang pera, gaya ng Estados Unidos na dolyares (USD) o Inglatera na pounds (GBP), ang apat na malalaking bangko ay bihirang pinakamurang opsyon.

### Mga nagkukumparang website

Kung gumagamit ka ng komersyal na nagkukumparang website, dapat mong malaman na ang ilang mga site ay maaaring hindi independyente at ang mga supplier ay maaaring nagbabayad upang magpatalastas ng kanilang serbisyo. Maaaring hindi kasama sa mga nagkukumparang website ang lahat ng serbisyong magagamit.

Mayroong dalawang mga nagkukumparang website na pinopondohan ng gobyerno para sa mga IMT: www.sendmoneypacific.org at www.saverasia.com, na nagkukumpara ng mga presyo ng mga serbisyong IMT na magagamit sa ilang bansa sa South-East Asia at Pacific Island.

### Ikumpara ang sumatotal na presyo

Kapag nagkukumpara ng mga serbisyo at mga supplier, isaalang-alang ang lahat ng mga nakapaloob sa presyo, kasama ang tingiang halaga ng palitan ng pera at anumang mga bayarin. Dahil lamang nagpapatalastas ang isang serbisyo na ‘walang bayad’ ay hindi nangangahulugan na ito ang pinakamurang opsyon.

Ang mga halaga ng palitan ng pera ay nag-iiba sa hanay ng mga supplier  at bihira itong kasing-buti ng mga halaga ng palitan ng pera na iniuulat sa balita. Iyon ay dahil may kasama silang palugid o mark-up.

Para sa tumpak na pagkukumpara, ikumpara ang mga presyo sa magkaparehong oras sa magkaparehong araw, halimbawa, sa mga website ng supplier. Ang ilang mga supplier ay maaari ring mag-alok ng mga diskwento, lalo na para sa malalaki o paulit-ulit na mga transaksyon.

### Pagbili sa online

Tingnan kung maaari kang bumili ng mga IMT, salaping banyaga at travel money card sa online, dahil maraming mga supplier ang nag-aalok ng mas mabuting mga retail exchange rate at mas mababang bayad para sa mga pagbili ng pera na ginagawa sa online. Ang foreign cash ay mas mahal na bilhin sa paliparan kaysa sa ibang mga lokasyon.

## Pagpapadala ng pera sa ibang bansa

Sadyang mahalagang maghanap-hanap bago bumili ng IMT o serbisyong pagpapadala. Napag-alaman namin na malaki ang pagkakaiba sa presyo sa hanay ng mga supplier ng IMT at makakapagtipid nang malaki kung regular kang nagpapadala ng malalaking halagang mga transaksyon sa pamamagitan ng isang serbisyo ng IMT.

Napag-alaman ng aming pananaliksik na sa ilang pagkakataon ay maaaring makatipid ang mga konsyumer nang hanggang AUD500 sa paglilipat ng halagang USD7000 kung maghahanap-hanap sila ng mas murang serbisyo bago bumili.

Napag-alaman din namin na hindi lamang ang mga bangko ang ligtas na opsyon at hindi sila palaging nag-aalok ng pinakamabilis na paghahatid.

### Mga karangdagang bayarin

Kapag namimili ng mga serbisyong IMT, tanungin ang mga supplier suplayer kung mayroon mang mga bayarin na ibabawas sa mga pondo na iyong ipapadala. Ang mga ito ay madalas na tinatawag na katumbas na bayarin sa pagbabangko.

Kung ibabawas ang mga bayarin, tanungin ang supplier:

- para sa kinalkulang pondo na ihahatid sa makakatanggap (ang ilang mga supplier ay may gamit online na makakatulong upang magawa mo ito)
- kung maaari mong agarang bayaran ang lahat ng mga bayarin dahil iyon ay maaaring mas mabuting opsyon sa halaga
- kung maniningil din ng kabayaran ang makakatanggap na bangko.

## Paglalakbay sa ibang bansa

Bago maglakbay sa ibang bansa, isaalang-alang ang iba't ibang mga serbisyo ng foreign currency na magagamit para sa pagsasagawa ng mga transaksyon habang nasa ibang bansa.

Mayroong apat na pangunahing kadahilanan na dapat isaalang-alang sa pagpili ng paraan ng pagbabayad para sa paglalakbay sa ibang bansa:

1. pagtanggap – malawak bang tinatanggap ang paraan ng pagbabayad sa destinasyon sa ibang bansa?
2. katiyakan ng presyo – malalaman mo ba kung ano ang magiging sumatotal na presyo?
3. kaginhawahan – gaano kadali itong dalhin at gamitin?
4. seguridad – ano ang mangyayari kung ito ay mawala o manakaw?

## Mga debit at credit card

Ang debit o credit card ay madalas na pinakamurang opsyon para sa pagbili habang nasa ibang bansa, lalo na para sa mga credit at debit card na hindi naniningil ng mga bayarin sa internasyonal na transaksyon.

Napag-alaman ng aming pananaliksik:

- kung ang mga kostumer ng apat na malalaking bangko ay gumagamit ng debit o credit card na walang bayad sa internasyonal na transaksyon sa halip na travel money card, sila ay maaaring makatipid ng hanggang AUD13 sa pagbili ng halagang USD200
- hindi gaano ang matitipid para sa mga debit o credit card kung may nakalapat na kabayaran sa internasyonal na transaksyon. Ang mga kostumer ng apat na malalaking bangko ay maaaring makatipid ng hanggang AUD5 sa pagbili ng halagang USD200 kung gagamit sila ng 'regular' na debit o credit card sa halip na travel money card.

Dapat mong isaalang-alang ang lahat ng mga bayarin sa pagpili ng card. Iba pang ilang mga bayarin ang nauugnay sa mga debit at credit card, tulad ng mga taunang bayarin at mga singil sa interes sa mga credit card.

Ang mga debit o credit card ay hindi karaniwang nagbibigay ng parehong katiyakan tungkol sa retail exchange rates tulad ng mga travel money card at foreign cash. Maaaring hindi mo alam ang retail exchange rate sa oras ng pagbili gamit ang iyong debit o credit card, hindi katulad ng travel money card na na-load mo ng foreign currency o foreign cash na binili mo.

### Ang pagbabayad gamit ang Australian dollars ay maaaring mas mahal

Kapag gumagamit ng debit o credit card, maaaring bigyan ka ng ilang negosyante ng opsyon na magbayad sa Australian dollars o ibang pera. Ito ay kilala bilang Dynamic Currency Conversion. Ang pagbabayad sa Australian dollars ay maaaring ang mas mahal na opsyon.

Kung ang isang bangko sa ibang bansa ay nagpoproseso ng transaksyon at nagsasagawa ng kombersyon sa foreign currency madalas itong magdaragdag ng palugid o taas-marka sa exchange rate upang kumita sa transaksyon. Gayundin, sa kabila ng pagbabayad sa Australian dollars, maaari ka pa ring singilin ng iyong card isyuwer (issuer) ng bayad sa internasyonal na transaksyon dahil ang transaksyon ay naganap sa ibang bansa.

## Mga travel money card

Depende sa supplier, ang ilang mga kaugnay na bayarin sa mga travel money card ay maaaring gawing mas mahal ang mga ito kaysa sa iba pang mga serbisyo, kabilang ang:

- mga bayarin para sa pagbili ng card sa tindahan
- Mga bayarin sa ATM
- kawalan ng aktibidad at mga bayarin sa pagsasara.

Ang travel money card ang magiging tanging mahal na opsyon kapag ginamit para sa mga transaksyon sa isang currency na hindi na-load sa card.

Napag-alaman ng aming pananaliksik na kung ang nagmamay-ari ng travel money card, sa isa sa apat na malalaking bangko, ay nag-withdraw ng katumbas ng AUD100 sa GBP mula sa ibang bansa na ATM noong Mayo 2019, at ang GBP ay hindi nai-load sa travel money card, sisingilin siya ng bayad sa ATM na humigit-kumulang GBP2 (mga AUD3.70) kasama ang 5.25 porsiyentong bayad sa kombersyon ng currency. Ang sumatotal na kabayaran para sa transaksyong ito ay humigit-kumulang AUD8.90 o halos 9 na porsyento ng halaga ng transaksyon.

## Salaping banyaga

Bagama't kadalasang medyo mas mahal bilhin ang foreign cash kaysa sa paggamit ng mga travel money card at debit o credit card para sa mga pagbili, maaaring mahalaga ito para sa ilang destinasyon sa ibang bansa. Sa ilang mga lokasyon, ang mga debit, credit at travel money card ay hindi malawakang tinatanggap at kinakailangan ang cash upang makabili.

Alamin ang lahat ng mga kaugnay na bayarin bago gamitin ang iyong travel money card, debit o credit card upang mag-withdraw ng foreign cash sa ibang bansa. Ang paggamit ng mga card na ito ay maaaring mas mahal kaysa sa pagbili ng foreign cash sa Australya dahil sa iba't ibang bayarin na sinisingil ng mga card issuer at ATM opereytor sa ibang bansa. Maaaring mayroon ding mga bayarin at singil sa interes para sa mga cash advance gamit ang credit card.

### Iwasan ang airport

Ang foreign cash ay mas mahal sa mga lokasyon ng paliparan kaysa sa ibang mga lokasyon. Maghanap-hanap bago bumili at bumili ng foreign cash bago ka makarating sa paliparan para makatipid.

Napag-alaman ng aming pananaliksik na ang mga konsyumer na bumibili ng USD200 noong Pebrero 2019 ay makakatipid ng halagang AUD40 sa pamamagitan ng pagbili mula sa pinakamurang supplier sa labas ng paliparan, kumpara sa pinakamahal na suplayer sa airport.

## Pagbili sa online

Kung regular kang bumibili sa ibang bansa mula sa Australya o naglalakbay sa ibang bansa, dapat mong isaalang-alang ang credit o debit card na walang-bayad (fee-free) sa internasyonal na transaksyon (pagkukumpara ng lahat ng naaangkop na mga bayarin at mga singil).

Ang mga bayarin sa internasyonal na transaksyon ay karaniwang nasa 3 porsyento ng presyo ng binili. Kung wala kang fee-free na credit o debit card para sa internasyonal na transaksyon, maaari mong iwasan ang mga bayarin na ito sa pagbili sa online sa pamamagitan ng:

- pakikialam kung ang transaksyon ay ipoproseso sa ibang bansa
- pagtatanong kung pwedeng harangin ng bangko mo ang mga internasyonal na transaksyon para sa partikular na mga pagbabayad sa card.

Tandaan: maaaring hindi malinaw sa website na may nakalapat na bayarin sa internasyonal na transaksyon. Kahit na ang
website ay may pangalang domain na '.com.au' o mga presyo sa Australian dollars, hindi ito nangangahulugan na ipoproseso ng negosyo ang pagbabayad sa Australya.

### Batas ng mamimili sa Australya

Kung sinisingil ka ng hindi inaasahang bayarin sa internasyonal na transaksyon para sa pagbili gamit ang Australian dollars mula sa isang negosyong mukhang nasa Australya, maaari itong ituring na panlilinlang sa ilalim ng Batas ng Mamimili sa Australya. Dapat kang makipag-ugnayan sa iyong card issuer (halimbawa, ang iyong bangko) o ang international card scheme (halimbawa, Mastercard o Visa) upang humiling ng refund.

### Kung hindi ito tama, gamitin ang iyong karapatan

Kung sa tingin mo ay nalinlang ka tungkol sa bayad ng internasyonal na transaksyon at hindi ito maresolba sa negosyo o sa bangko mo, maaari mo itong iulat sa ACCC.

**Karagdagang impormasyon**

Pagsisiyasat sa mga serbisyong nagpapalit ng banyagang currency - Panghuling ulat